

Paano Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 sa mga Paaralan

Upang maiwasan ang risk ng pagkalat ng COVID-19, dapat manatili ang mga tao sa tahanan kung masama ang kanilang pakiramdam. Kailangang i-monitor at i-screen nang mabuti ng mga pamilya ang kanilang mga anak bawat araw gamit ang **COVID-19 Daily Checklist**. Panatilihin sa tahanan ang mga bata kapag hindi mabuti ang kanilang pakiramdam o kung mayroon silang mga bago o lumalalang sintomas, at kumpletohin ang **COVID-19 Self-assessment**. Kausapin ang paaralan kung ang inyong anak ay may chronic symptoms, halimbawa, seasonal allergies o migraines.

Kung sumama ang pakiramdam ng inyong anak o nagdibelop siya ng mga bago o lumalalang sintomas sa kalusugan habang siya'y nasa paaralan, gagawin ang sumusunod:



Imonitor ang inyong anak hanggang dumating kayo sa paaralan



Sasabihin sa kanya na maghugas siya ng kanyang mga kamay



Bibigyan siya ng mask na maisusuot (kung nato-tolerate niya ito)



Sasamahan siya patungo sa isang isolation room / isolation na lugar sa paaralan



Tatawagan kayo upang masundo siya

811

Sasabihin sa inyo na kumpletohin ang COVID-19 Self-assessment sa: <https://covid-self-assessment.novascotia.ca>, o kung hindi ninyo ma-access ang online tool, tumawag sa 811

Pagkatapos ninyo kumpletohin ang online assessment, sasabihin sa inyo kung ang inyong anak ay kailangan ma-test para sa COVID-19. Ang mga ibang taong nasa tahanan, kabilang ang mga kapatid niya, ay hindi kailangang manatili sa tahanan kung wala silang anumang mga sintomas.



- Kung ang test ay **hindi kinakailangan**, ang inyong anak ay maaring bumalik sa paaralan kapag bumuti na ang kanyang pakiramdam, at 24 na oras na siyang hindi umiinom ng gamot para sa lagnat. Ang mga indibidwal ay maaring bumalik kahit na sila'y may mga banayad na natitirang sintomas, tulad ng ubo o tumutulong ilong. Ulitin ang assessment para sa anumang bago o lumalalang sintomas



- Kung ang COVID-19 test ay **kinakailangan**, kailangang manatili sa tahanan ang inyong anak hanggang bumalik ang mga resulta ng test.



- Kung ang test ay **positive**, magfa-follow up ang public health at magbibigay ito ng suporta, at sasabihin nila kung kailan maaring bumalik sa paaralan ang inyong anak.



- Kung ang test ay **negative**, ang inyong anak ay maaring bumalik sa paaralan kapag bumuti na ang kanyang pakiramdam, at 24 na oras na siyang hindi umiinom ng gamot para sa lagnat. Ang mga indibidwal ay maaring bumalik kahit na sila'y may mga banayad na natitirang sintomas, tulad ng ubo o tumutulong ilong. Ulitin ang assessment para sa anumang bago o lumalalang sintomas



- Kung sinabi sa inyo ng public health na ang inyong anak ay itinuturing na isang **close contact** ng isang taong may COVID-19, kailangan siya manatili sa tahanan nang 14 na araw. Ang mga taong kasama ng batang iyon sa tahanan ay hindi kailangang manatili sa tahanan maliban kung sila rin ay itinuturing na close contact ng isang taong may COVID-19.

Alam namin na mahirap para sa pamilya na panatilihin ang mga bata sa tahanan. Ang pag-iingat ay mahalaga upang makontrola ang pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga virus. Ang planong ito ay maaring magbago batay sa bagong impormasyon.

Para sa anumang bago o lumalalang sintomas, kumpletohin ang COVID-19 Self-assessment sa: <https://covid-self-assessment.novascotia.ca>

NOVA SCOTIA

Petsa ng update: Oktubre 6, 2020